

American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)

e-ISSN : 2378-703X

Volume-4, Issue-12, pp-180-186

www.ajhssr.com

Research Paper

Open Access

Ang Kasanayang Pasalita Gamit ang Kagamitang Multimidya sa Antas Tersyarya

FE A. VARONA¹, JULIET O. MANDADO²¹Departamento ng Filipino-College of Arts and Sciences/ Cebu Technological University, Philippines²Departamento ng Filipino-College of Arts and Sciences/ Cebu Technological University, Philippines

ABSTRACT: Knowledge of the use of technology in teaching is better implemented so as to expand teaching and learning. The purpose of the study was to assess the effectiveness of the use of multimedia in teaching at the tertiary level of the student in oral skills. Teaching is a big challenge in all fields at any time. In this generation, the researcher believes that teaching methods and styles can be further enhanced with the help of new technologies in the field of multimedia equipment. A descriptive study in which the researcher gathered data and partly discussed for Nunan 1998 guidelines that design of the development of instructional materials. This study ensured that 1) determine the student's attitude towards the use of multimedia, 2) the student's oral level of skill, and 3) the relationship of attitude to the two groups to further develop the equipment in the grammar lessons. Based on the analysis of the oral level of the two groups, it was found that both had no significant differences. Therefore, the effectiveness and use of traditional teaching methods with multimedia teaching aids are more effective when combined in teaching. An integrative tool has been developed that will serve as a teacher guide to be effective in adapting to the interests and needs of the new generation.

Keywords – *Multimedia tools, oral skills, attitude, college*

ABSTRAK : Ang kaalaman sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay higit na magandang maisakatuparan nang sa gayon ay mapalawak ang pagtuturo at pagkatuto. Layunin ng pag-aaral ay tasain ang kabisaan ng paggamit ng multimidya sa pagtuturo ng/sa antas tersyarya ng mag-aaral sa kasanayang pasalita. Ang pagtuturo ay isang malaking hamon sa lahat ng larangan sa anumang panahon at lahat ng pagkakataon. Sa panahon ng bagong henerasyon, naniniwala ang mananaliksik na mapahuhusay pa ang mga paraan at istilo sa pagtuturo sa tulong ng mga bagong kaalaman sa teknolohiya sa larangan ng mga multimidyang kagamitan. Isang deskriptibong pag-aaral ang isinagawa at sinuri ng mananaliksik upang malikom ang datos at bahaging tinalakay sa mga nailahad ni Nunan 1998 na patnubay sa pagdisenyo ng pagbuo ng mga kagamitang pampagtuturo. Tiniyak sa pag-aaral na ito na 1) alamin ang saloobin ng mag-aaral sa paggamit ng multimidya, 2) antas ng kasanayan ng mag-aaral, at 3) kaugnayan ng saloobin sa dalawang pangkat upang malinang pa ang kagamitan sa mga araling pangtersyarya. Batay sa pagsusuri sa antas ng pasalita ng dalawang pangkat, napatunayan na parehong walang makabuluhang pagkakaiba. Samakatuwid, ang bisa at gamit ng nakagawiang paraan ng pagtuturo at mga multimidyang kagamitan sa pagtuturo ay higit na epektibo kung ito ay pagsasamahin sa pagtuturo. Sa kabuuan, isang integratibong kagamitan ang naisagawa na magsisilbing gabay ng guro upang maging kawili-wili at mabisa na umaayon na sa interes at pangangailangan ng bagong henerasyon.

Susing-salita – *kagamitang multimidya, kasanayang pasalita, saloobin, tersyarya*

I. INTRODUCTION

Sa anumang asignatura, iba't ibang kagamitan ang nalilining upang makatulong nang lubusan sa mga edukador maging sa mga magulang para maisakatuparan ang layunin ukol sa ganap at epektibing pagkatuto ng isang mag-aaral (Aguila, 2017). Ang pagtuturo ay isang malaking hamon sa lahat ng larangan sa anumang panahon at lahat ng pagkakataon. Hindi na lamang ito paghahatid at pagtanggap ng mensahe sa pagitan ng guro at mga estudyante kundi pati na rin ang mga kaakibat at mga konsiderasyon na dapat isaalang-alang ng magkatuwang na guro at estudyante na katulad ng nakasanayang apat na dingding at sulok ng klasrum. Hindi pa rin maihihiwalay na sa pagitan ng guro at kanyang mga estudyante ay naroroon pa rin ang “komunikasyon sa pagtuturo” na batay pa sa naging pahayag ni Mayos, et al. (2008). Samakatuwid, hindi mapasusubalian na ang teknolohiya ang tinatayang mailalapat rin sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Naipahayag sa teorya ng constructivism, ni Garo (2008) na itinuturing na isa sa mga sanligang teorya ng pag-aaral na ito na nagpahayag na, “Learning is an active process where learners acquire and constructs new ideas or concepts based on their past or current knowledge and experiences. Isang pagkakataon para sa mga estudyante na malayang matuto sapagkat nalilintang ang kanilang kakayahang sumuri at lumutas ng mga suliraning naaayon sa kanilang karanasan. Isinasaad ni Vygotsky sa pag-aaral ni Slavin (2011) *Effectiveness of cooperative learning on the Achievement and Motivation of the Student in Learning Malay Language*, na ang interaktibong konstruktibismo na konsepto na pag-aaral ay ang pagkuha at pagpapakahulugan sa kaalamang nailipat sa iba pang mag-aaral. Gayundin, itinuturing na may mahalagang papel sa pag-aaral at pagtatamo ng kaalaman sapagkat ito ang elementong susi ng pang-araw-araw na pakikisalamuha sa mga guro at kapwa kamag-aral.

Sa pahayag nina Johnson, et.al. (2010) sa kanyang paniniwala na, “schools need to adapt to current student needs and identify new learning models that engage younger generations”. Ang pagtanggap ng pagbabago ng institusyon ay isang proseso upang maging mahusay, organisado, taguyod at susuporta sa pagkatuto. Sa pagpapaunlad na ito ay inaasahang aangat ang ibubunga ng mga estudyante sa pagkatuto sa paaralan. Malaking tulong sa mga estudyante ang paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral, mapadali nito ang pagkatuto at sa madaliang panahon.

Nagbigay ng panibagong pagsubok at oportunidad sa larangan ng edukasyon ang pag-usbong ng teknolohiya sa makabagong panahon. Hudyat ng pagyakap sa pagbabago sa mga estudyante sa kanilang pag-aaral ang paggamit ng makabagong teknolohiya sapagkat bahagi na ito ng kanilang karanasan. Hindi na bago sa mga kabataan ang paggamit ng makabagong teknolohiya dahil ito ang kanilang nasilayan sa kanilang henerasyon. Napakalaking kontribusyon para sa mga estudyante at sa mga guro sa larangan ng akademiko at proseso sa makabuluhang pagkatuto ang paggamit nito sa pag-aaral.

Sa ganitong punto, isang hudyat ito sa mananaliksik na bigyang halaga ang pagiging progresibong pagtuturo sa Filipino sa kasanayang pasalita sa mga estudyante gamit ang mga pamamaraan at kagamitan sa makabagong teknolohiya.

II. HEADINGS

Ang paggamit ng bagong teknolohiya sa pamamagitan ng kagamitang multimidya ay ninanais ng tagapagsaliksik na mapaunlad ang pagtuturo ng asignaturang Filipino bilang isang kagamitang pampagtuturo sa mga kasanayang pasalita. Nababatid ng tagapagsaliksik na ang mga estudyante ng ika-21 siglo ngayon ay mas nalilintang ang kanilang interes at pagkatuto gamit ang biswal na kasanayan ng pagkatuto. Isa ito sa dahilan na gamiting ng guro ang mutimidya sa pagtuturo para mahasa ang kanilang kasanayan sa pagsasalita sa larangan ng komunikasyon.

Ang kaalaman sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ay higit na magandang maisakatuparan nang sa gayon ay mapalawak ang pagtuturo at pagkatuto. Sa panahon ng bagong henerasyon, naniniwala ang mananaliksik na mapahuhusay pa ang mga paraan at istilo sa pagtuturo sa tulong ng mga bagong kaalaman sa teknolohiya sa larangan ng mga multimidyang pamamaraan at kagamitan. Kinakailangan na maisalang-alang lamang sa kung ano, paano at kailan ito magagamit at ang mga maaaring matamo ng estudyante na magagamit nila sa hinaharap. Pinatunayan nina Zulueta at Guimbatan (2002) na dapat iangkop ng mga guro ang mga istratehiya sa pagtuturo upang umakma sa pangangailangan ng mga estudyante. Walang nag-iisang tamang paraan na magtuturo sa partikular na grupo ng mga estudyante sa klase. Sa punto ng kanilang pahayag, nagpapahiwatig ito na hindi dapat na ilisin ng guro ang kanyang responsibilidad sapagkat mahalaga ang papel niya sa pag-iisip ng mga estratehiyang magiging dinamiko at epektibo ang magiging kahihinatnan ng kanyang pagtuturo.

Kaugnay ng naging salaysay nina Pitler et al. (2012) tungkol sa kooperatibang pagkatuto sa paggamit ng proyektong multimidya na nangangailangan pa rin atensyon na detalyeng pinaplano ang proseso. Nasuri nila na hindi lamang paggawa sa pangkat ang naganap kundi pati na ang pakikilahok sa pagtuturo. Panahon ngayon ng biswal learners at mas nagugustuhan ng mga estudyante gayundin ang guro sa mga presentasyong pangklase na ginagamitan ng biswal na materyal mula sa teknolohiya. Ang mga larawan o mga tunog ay ilan lamang sa mga biswal na representasyon na may malaking papel na ginagampanan sa pang-araw-araw na komunikasyon.

Batid rin ni Aguilar (2017) sa kanyang pag-aaral na Pagsusuri sa mga obra maestrang isina-komiks: tungo sa pagbuo ng pamantayan na kagamitan sa antas Sekundarya ay hindi na mabilang ang pagbabagong dulot ng teknolohiya na tunay ngang masasalamain sa kasalukuyang panahon. Isa sa mga pinakamalaking pagbabagong ito ang pagkakaroon ng iba’t ibang makabagong paraan ng pagkuha ng impormasyon. Dagdag naman ni Shuman (2009) na, “multimedia can accommodate variety of learning styles”. Mahihinuha na ang pagkatuto ng mga estudyante ay malilintang sa pamamagitan ng pagsasama ng gamit ng iba’t ibang uri ng mga biswal sa klase sapagkat magiging makatutulong ito na makakuha sa atensyon ng mga estudyante upang ang matulungan rin nila ang kanilang sarili na makapagpokus sa mga nagaganap na gawaing pangklase. Kung

magkakaroon ng aktibong pagpoproseso ng mga impormasyon at kaalaman ay tiyak na magkakaroon ng isang makabuluhang pagkatuto.

Ang kaasanayan ng pagsasalita ay ang kakayahan at kasanayan ng tao na maihayag ang kanyang ideya, paniniwala at nadarama sa pamamagitan ng wikang nauunawaan ng kanyang kausap. Tumutukoy rin ito sa pagbibigay, pagbabahagi ng kaisipan at mensahe sa pamamagitan ng berbal na paraan na ginagamit ang wika na may wastong tunog, tamang gramatika, upang malinaw na maipaliwanag ang damdamin at kaisipan. Tumutukoy ang kasanayang komunikasyon sa kakayahan ng indibidwal na makipag-usap nang malinaw gamit ang wikang berbal at di berbal gayundin ang epektibong pakikipagtulungan at pananagutan sa kapwa (Pacific Policy Research Center, 2010). Isa sa makrong kasanayan ang pagsasalita na naghahatid ng mensahe sa paraang berbal sa aralin ayon sa resulta ng pag-aaral nina Saul, A.J.G. et al. (2020) na Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalililang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang.

Sa pag-aaral ni Mandado (2020) na sa pagtuturo ng Filipino ay hinanapan ng mga pamaraan upang matugunan ang mga pangangilangan ng ika-21 siglong mag-aaral. Sadyang mahalaga ang pagsabay sa pagusbong ng modernongpanahon para makasabay sa indak at interes ng kabataan. Kaya, sa pag-aaral na ito ay mahalagang mabigyang-lunas ang suliraning kakayahang komunikatibo sa pasalita na isang nakawiwili at makabuluhang paraan.

Nasaksihan ng mananaliksik ang maraming paglalapat sa mga pagtuturo ng iba't ibang asignatura tulad ng ang pagbibigay ng lubusang pag-unawa sa paksa, malayang naiikot at namomonitor na mga estudyante sa mga gawain ay kaagad nabibigyan ng kaukulang puna para sa pagwawasto ng mga kamalian, komentaryo at pagpapabuti sa panahon ng presentasyon, at nakatitipid sa oras at panahon sa paghahanda para sa susunod na talakayan. Sa layunin na 1) alamin ang saloobin ng mag-aaral sa paggamit ng multimidya, 2) antas ng kasanayan ng mag-aaral, at 3) kaugnayan ng saloobin sa dalawang pangkat upang malinang pa ang kagamitan sa mga araling pangtersyarya. Ang ilan sa mga nabanggit ang siyang nakapagbigay pasya sa mananaliksik na gawin ang pag-aaral upang magkaroon ng isang detalyadong gawain na makatutulong sa perormans ng mga estudyante sa klase.

III. INDENTATIONS AND EQUATIONS

Pamaraang ginamit

Ang kwalitatibong at kwantitatibong pamamaraan sa pagsusuri ang ginamit upang matuos, mailahad at mailarawan ang mga nakalap na datos. Sinuri ang mga tugon ng mga estudyante batay sa saloobin mula sa ginawang tseklis ng mananaliksik.

Kalahok ng Pag-aaral

Ang dalawang pangkat o seksyon ng mga estudyante ang siyang tumugon sa inihandang tseklis upang makilala at masuri ang kanilang mga saloobin sa paggamit ng multimidya. Kumuha lamang ng may pantay na kabuuang bilang sa dalawang seksyon.

Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Ipinaalang ipinaliwanag sa mga estudyante ang mga layunin ng pananaliksik, upang sa gayon ay maging maayos at tuluy-tuloy ang gagawing pag-aaral. Sa unang araw ng pagkaklase ay ibinigay ang inihandang tseklis sa dalawang pangkat/seksyon ng mga estudyante sa loob ng isang oras upang tumugon sa unang suliraning ng pananaliksik. Pagkatapos ng lahat, nilikom at isinaayos isa-isa ang mga datos na kakailanganin sa pagsusuring gagawin. Dito sinimulan ang prosesong istatistikal, paghahambing, pagpapakahulugan at interpretasyon upang patunayan at patotohanan ang kinalabasan ng ginawang pananaliksik.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay naghanda at nagsaayos ng instrumento na sumagot sa mga katanungan.

Ang mga ito ay ang sumusunod:

Ito ay binubuo ng sampung (10) mga pahayag na may layuning alamin ang saloobin ng mga estudyante sa paggamit ng multimedia sa pagtuturo ng Filipino. Ang interpretasyon ng bawat antas sa berbal na paglalarawan ay ginamit ang Nominal na sukatan. Ang tseklis ay may limang (5) pagpipilian na may leyendang:

5 - lubos na sang-ayon

4 - sang-ayon

3- katamtamang sang-ayon

2 - di sang-ayon

1) - lubos na di sang-ayon.

Pagsusuring Istatistikal

Pagkatapos na malikom ang mga datos na kinakailangan, ginamit ang mga pagsusuring istatistikal para sa maayos na paglalahad sa sumusunod na katanungan.

1. Upang malaman ang saloobin ng dalawang pangkat ng mga estudyante sa paggamit ng *multimedia* sa Filipino, ang pormulang *weighted mean* ang ginamit:

$$wm = \frac{\sum xw}{\sum x}$$

na kung saan:

$$wm = \text{weighted mean}$$

$$x = \text{individual observation}$$

$$w = \text{corresponding weight for each observation}$$

2. Upang malaman kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa saloobin ng dalawang pangkat ng mga estudyante sa kanilang kakayahan, ang pormulang *T-test for independent samples* ang ginamit:

$$t = \frac{\bar{x}_1 - \bar{x}_2}{\sqrt{\frac{SD_1^2}{n_1} + \frac{SD_2^2}{n_2}}}$$

na kung saan:

$$\bar{x}_1 = \text{mean of sample 1}$$

$$\bar{x}_2 = \text{mean of sample 2}$$

$$n_1 = \text{number of subjects in sample 1}$$

$$n_2 = \text{number of subjects in sample 2}$$

$$SD_1^2 = \text{variance of sample 1} = \frac{\sum(x_1 - \bar{x}_1)^2}{n_1}$$

$$SD_2^2 = \text{variance of sample 1} = \frac{\sum(x_2 - \bar{x}_2)^2}{n_2}$$

IV. FIGURES AND TABLES

1.1 Saloobin ng dalawang pangkat sa paggamit ng multimidya sa kasanayang pasalita

Ang bahaging ito ay naglalahad ng naging pagsusuri sa kaugnayan ng saloobin at kakayahang komunikatibo sa pasalita ng dalawang pangkat ng mga estudyante.

Talahanayan 1.1.1

Kaugnayan ng Saloobin at Kakayahang Komunikatibo

Pangkat	Baryabol	Pearson (r)	Computed value
Nakagawiang Pangkat	Saloobin at Kakayahang	0.04	0.179
Multimidya na Pangkat	Saloobin at Kakayahang	0.17	0.783

Level of significance, $\alpha = .05$

Makikita sa Talahanayan 2 na halos naging magkatulad at magkalapit ang resulta ng dalawang pangkat na nagpapakita na walang makabuluhang pagkakaugnay ang saloobin at kakayahang pasalita ng nakagawian at multimidya na pangkat ng mga estudyante. Nangangahulugan lamang na anuman ang saloobin ng estudyante ay hindi nakaaapekto sa anumang tinataglay o tinatamong kasanayan.

Ipinahihiwatig ito na sa kabila ng kanilang interes, kawilihan at pagkahantad sa multimidya ay may kabutihang dulot naman ito sa kanilang pakikinig at pagkuha ng mataas-taas na atensyon sa klase kung ikukumpara sa estratehiya na kanilang nakasanayan mula elementary hanggang sekondarya. Hindi maipagkakaila na sa mga panahon na nabanggit ay hindi lahat ng paaralan nagkakaroon ng pagkakataon na makagamit sa klase ng mga makabagong teknolohiyang kagamitan gaya ng multimidya. Kaya't masasabi na ang kanilang pagkagiliw at kasiyahan na malayang makagamit ng multimidya sa klase ay naobserbahan ng mananaliksik sa kanyang pagtuturo sa multimidya na pangkat.

Batay pa nga sa pananaw ni Paivio sa aklat ni Nilson (2010) sa dual coding theory na kung paano gumagana ang biswal kasabay ang salita o teks. Sa pag-interpretar ni Nilson sa dual coding theory ni Paivio na tumutukoy sa kalahating bahagi ng utak. Ipinaliwanag niya na habang ang kaliwang bahagi ng utak ay nagpoproseso ng berbal na simbolo at ang kanang bahagi ay sa biswal. Ang mga materyal ay naipresenta sa parehong paraan na gumagana sa parehong bahagi ng utak, dumudoble naman ang bilang ng neurons na dumadaloy at bumubuo ng synapses.

Isang mahalagang katibayan lamang ito na nalilinig ang kakayahan ng mga estudyante pagdating sa mga biswal na presentasyon. Napupukaw ang kanilang interes at nagiging madali para sa kanila na maipakita ang pagkamasining sa pasalitang paraan. Masasabing nangangailangan pa ng puspusan at ibayong pagpapalalim

o pagpapantay sa lebel ng kakayahan ng mga estudyante sa panahong ito upang umayon sa kung anuman ang kanilang kinahihilingan.

2.1 Antas ng Kasanayan sa Pasalita ng Nakagawian at Multimidya na Pangkat

Ipinakikita sa yugtong ito ang talahanayan 1 na antas ng kakayahang pangkomunikatibo sa pasalita ng nakagawian at multimidya na pangkat na mga estudyante. Batay sa resulta sa pasalitang kakayahan mula sa *pre-test at post-test* ng multimidya na pangkat na nakapaloob ng pag-aaral.

Ang *Nakagawiang Pangkat* mula sa mga naging resulta ng mga tagahatol sa bawat estudyante ay may deskripsyong katamtamang husay magsalita sa kanilang *pre-test* sapagkat karamihan ay may iskor na 15-19, na tumutukoy sa diin ng pagbigkas, may kamalian sa pagsasalita na kadalasan ay mali ang pagbigkas, nagpapakita ito na di komportableng magsalita, hirap sa paggamit ng mga ideya at sa pagpapahayag paminsan-minsan ay

Talahanayan 2.1.1

Ang Kasanayang Pasalita ng Nakagawian at Multimidya na Pangkat

Pangkat	Pagsusulit	Mean	SD	Deskripsyon
Nakagawiang Pangkat	Pre	17	5.24	Katamtamang husay Magsalita
	Post	20	3.35	Mahusay Magsalita
Multimidya na Pangkat	Pre	19.91	3.32	Mahusay Magsalita
	Post	20.91	2.45	Mahusay Magsalita

naghahanap ng salitang gagamitin. Ang mga estudyante ay may alam sa paksa at marami sanang gustong sabihin subalit nag-aalangan dahil kailangan pang isipin kung paano ito pagdudugtong-dugtong dahil maobserbahan na ang una wika ang ginagamit sa pag-iisip ng sasabihin kung kaya't konti na lamang ang mensahe na nailalahad sa tagahatol, dagdag pa, na may ilan na para nangangapa ng gustong sabihin at ang ilan ay kuntento na sa maikling pahayag makapagsalita lamang at mabigyan ng marka ay sapat na

Nagkaroon naman ng pag-unlad sa kanilang *post-test* na may deskripsyong mahusay magsalita na karamihan ay nasa iskor na 20-24 sapagkat naging mahusay ang kanilang pagsasalita maliban sa ilang kamalian, may tumpak na talasalitaan sa paksa, naging kadalasang hadlang ang pagbigkas at nakagagamit ng pormal na pahayag ang nasa *Multimidya na pangkat*. Karamihan naman ay maobserbahan positibo ang dating dahil nagpakita ng galling at kasanayan sa pagsasalita. Ang multimidya na pangkat ng mga estudyante ay nakatamo ng magkatulad na antas sa kanilang *pre-test at post-test* na may deskripsyong mahusay magsalita na karamihan ay nasa iskor na 20-24. Nagpapatunay lamang na nanatili at walang naging pag-angat sa kanilang pasalitang kakayahan pagkatapos ng naging pagkaklase gamit ang multimidya.

Samakatuwid, ang paglinang ng kakayahan sa pagsasalita ay hindi nakadepende o maiaasa sa gamit ng multimidya sa pagtuturo. Hindi maikakaila na ang dati nilang kakayahan sa pagsasalita ay hindi naimpluwensiyahan ng anumang kagamitan at istrategiya sa paggamit ng multimidya na ipinakikita habang nagsasalita upang umangat ang resulta sa pangalawang pagsubok. Ganito ang pahayag nina Cheung at Slavin (2013) pakahulugan sa kagamitang elektroniko na "*educational technology refers to a variety of technology-based programs or application that help deliver learning materials and support learning process in K-12 classrooms to improve academic learning goals (as opposed to learning to use the technology itself)*".

Sa kabuuan ng pagsusuri sa kakayahang pasalita ng mga estudyante ay may kaugnayan sa tradisyunal na pagtuturo sapagkat makikita na nagkaroon ng pag-angat sa kanilang kakayahang pasalita pagkatapos na maganap ang pagtuturo na ginamit ang nakagawian kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Samakatuwid, batay sa pagkakaroon ng positibong pagbabago sa kanilang komunikatibo sa magkaibang kakayahan, masasabing ang kabisaan ng paggamit ng multimidya at nakagawiang pagtuturo ay maituturing na parehong may kabutihan at epektibong maidudulot nito sa antas tersyarya.

3.1 Kaugnayan ng saloobin sa dalawang pangkat sa mga araling pangtersyarya

Ipinakikita sa Talahanayan 3 ang pagkakaiba o main gain sa kakayahang pasalita ng mga estudyante sa pangkat nakagawian. Ang kanilang *pre-test at post-test* ay sinuri upang mailahad ang interpretasyon batay sa naging resulta ng pagtutuos.

Ang talahanayan 3 ay nagpapahiwatig na ang nakagawiang paraan ng pagtuturo ay naging salik upang umunlad ang pasalitang kasanayan ng mga estudyante.

Samean iskor ng kanilang pasalitang pagsusulit ay nagkaroon ng pag-unlad ng 2.86 puntos na naging makabuluhan ($P=.007$) dahil ginamit ang *probability* upang madetermina ang kaugnayan ng dalawang kinilalang baryabol, na nagpapahiwatig na ang nakagawiang paraan ng pagtuturo aynakapaglinang ng tamang pagbigkas, katatasan sa wika, wastong gamit ng salita/pangungusap, talasalitaan at kaisahan ng pahayag. Ang paulit-ulit na pagsasanay at mga gawain ay naging epektibo upang ang mga estudyante ay mahasa sa pagsasalitaang pagkakaiba o main gain sa kakayahang pangkomunikatibong pasalita ng mga estudyante sa

multimidya na pangkat. Ang kanilang *pre-test at post-test* ay sinuri upang mailahad ang interpretasyon batay sa naging resulta ng pagtutuos. Ito ay may mean gain na 17.05 sa pre test ng kasanayang pasalita kung saan ang mean difference ay 2.86, Tvalue na 2.98 at 0 sa P Value na sadyang hindi makabuluhan ang saloobin sa estudyante sa aralin

Talahanayan 3.1.1

Kasanayang Pasalita sa kaugnayan ng saloobin sa dalawang pangkat

Kasanayan	Pagsusulit	Mean	SD	Mean Difference	T Value	P Value
Pasalita	Pre	17.05	5.28	2.86	2.98	0
	Post	17.5	1.77	2.68	10.07	0

Ns- Not Significant/hindi makabuluhan

**-Significant/makabuluhan*

na ginamit ang nakagawiang pangkat sa pagtuturo ng aralin.

Habang ang isang pangkat ay nagpapakita ng datos sa multimidya na pangkat sa kanilang pasalita na kakayahan sa kategoryang komposisyon na may mean difference na 2.68 na may makabuluhang pagkakaiba ($P=.000$) dahil ginamit ang probability upang madetermina ang kaugnayan ng dalawang kinilalang baryabol sa kanilang *pre-test at post-test* sa kasanayang pagsalita. Ang pagkakaiba o meann gain sa kakayahang pangkomunikatibong pasalita ng mga estudyante sa multimidya na pangkat. Ang kanilang *pre-test at post-test* ay sinuri upang mailahad ang interpretasyon batay sa naging resulta ng pagtutuos.

Nagpapakita ang datos sa multimidya na pangkat sa kanilang pasulat na kakayahan sa kategoryang komposisyon na may mean difference na 2.68 na may makabuluhang pagkakaiba ($P=.000$) dahil ginamit ang probability upang madetermina ang kaugnayan ng dalawang kinilalang baryabol sa kanilang *pre-test at post-test*. Naglalahad na naging mahusay ang kanilang kasanayan sa pagsalita gamit ang multimedia at nakatulong ito sa kanila upang magkaroon ng karagdagang ideya sa pagsasanay sa pagsalita. Nakapagbigay ng pagkakataon sa kanila upang matuto ang mag-aral at madaliang matandaan ang mga araling nakikita at naririnig mula sa paggamit ng mga multimidya sa aralin.

Sa kabuoan, nakitaan ito sa natuklasang pag-aaral ni Aguila (2017) na ang mga pantulong na kagamitan sa pagtuturo ay piliing mabuti ang mga suplememntaryong materyal na ipagagamit sa mga estudyante. Ito ay nagsisilbing gabay upang mapadali ang pagkatuto at pagtuturo ng guro gamit ang multimidyang aralin upang sagayon ang epektibong pag-unawa sa kasanayang pagsalita na nakikisangkot sa mga gawaing magpapayaman sa kanilang pagkatuto.

V. CONCLUSION

Nilayon ng pag-aaral na ito na tasain ang kabisaan ng paggamit ng multimidya sa pagtuturo ng/sa antas tersyarya ng mag-aaral sa kasanayang pasalita. Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, inilahad ang mga sumusunod na: Ang paglalahad sa mga nakalap na saloobin ng dalawang pangkat ng mga estudyante sa kanilang kakayahang pangkomunikatibo ay nakitaan ng kahusayan sa mga estudyante sa paggamit at paglalapat ng multimidya sa pagtuturo at pagkatuto. Sa pagnanais ng mananaliksik na matiyak ang laman ng isip at damdamin ng mga estudyante sa paggamit nito sa kasanayang pagsalita upang maiangkop para sa pagpapaunlad ng pagtuturo.

Batay sa mga naging konklusyon ng pag-aaral, inihahain ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa ikaunlad ng pag-aaral: Magkaroon ng kamalayan na siyang magbibigay ng sapat na suporta na maisakatuparan ang pagkakaroon ng kagamitang multimidya para sa mga pagtuturo ng Filipino partikular na sa kasanayang pasalita gayundin sa pasulat, mabigyan ng pagkakataong magamit ng mga estudyante ang mga multimidya upang matamo at maranasan nila ang malikhaing paraan ng paglinang sa kanilang kakayahang komunikatibo. Higit sa lahat, magamit para sa puspulang integrasyon ng iba't ibang aralin sa gawaing naaayon sa kakayahan, interes at pagkakaiba ng intelektwal na aspeto ng mga estudyante na sanayin sa pagsasalita at pagsusulat sa masining na pagpapahayag.

VI. ACKNOWLEDGEMENTS

An acknowledgement section may be presented after the conclusion, if desired.

REFERENCES

- [1] Aguila, S. R. D.R. (2017). Pagsusuri sa mga obra maestrang isina-komiks: Tungo sa pagbuo ng pamantayan na kagamitan sa antas Sekundarya. Alipato Journal UPD. Manila. Press.
- [2] Mayos, Norma S. 2008. Mga Kagamitang Panturo sa Filipino. Cabanatuan City: Jimcy Publishing House.

- [3] Garo, Candelaria D. 2008. *Theories and Principles of Educational Technology*. Mandaluyong City: National Bookstore.
- [4] Slavin, R. E. (2012). Classroom applications of cooperative learning. In K. R. Harris, S. Graham, T. Urdan, A. G. Bus, S. Major, & H. L. Swanson (Eds.) *APA handbooks in psychology®. APA educational psychology handbook, Vol. 3. Application to learning and teaching* (p. 359–378). American Psychological Association. <https://doi.org/10.1037/13275-014>.
- [5] Johnson, Laurence F. et.al. 2010. “Key Emerging Technologies for Elementary and Secondary Education”. From the 2010 Horizon Report: K-12 Edition. www.eddigest.com. September.
- [6] Zulueta, F., et al. 2002. *Teaching Strategies and Educational Alternatives*. Vol. 1. Academic Publishing Corporation: Cubao, Quezon City.
- [7] Pitler, H., et al. 2012. *Using Technology with Classroom Instruction that Works*. 2nd Edition. Mid-continent Research for Education and Learning. Denver, Colorado USA.
- [8] Shuman, Jim. 2009. *Multimedia Concepts. Enhanced Edition Illustrated Introductory*. Cengage Learning Asia Pte. Ltd. Canada. Zulueta, F., et al. 2002. *Teaching Strategies and Educational Alternatives*. Vol. 1. Academic Publishing Corporation: Cubao, Quezon City.
- [9] Pacific Policy Research Center. (2010). 21st century skills for students and teachers. Honolulu: Kamehameha Schools, Research & Evaluation Division. Kinuha mula sa http://www.ksbe.edu/_assets/spi/pdfs/21_century_skills_full.pdf.
- [10] Saul, A.J.G. et al. (2020) na Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilalang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. *Asia Pacific Higher Education Research Journal*. Volume 7, Issue 1. pp.41-45. <http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/apherj/article/view/1547/461>
- [11] Mandado, J.O. (2020). Ang Penomenong Awiting Visayan Popular o (VisPop) sa Kabatang Sebwno at ilang usaping wika at kultura. *American Journal of humanities and social sciences research*. Volume-4, Issue-11, pp-188-195. <https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2020/11/W20411188195.pdf>
- [12] Nilson, Linda B. 2010. *Teaching at Its Best. A Research–Based Resource for College Instructors*. Third Edition. JOSSEY-BASS A Wiley Imprint: San Francisco, CA.

Journal Papers:

- [13] Mandado, J.O. (2020). *Ang Penomenong Awiting Visayan Popular o (VisPop) sa Kabatang Sebwno at ilang usaping wika at kultura. American Journal of humanities and social sciences research*. Volume-4, Issue-11, pp-188-195. <https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2020/11/W20411188195.pdf>
- [14] Saul, A.J.G. et al. (2020) *Manipestasyon ng Ika-21 siglong kasanayan at mungkahing gawaing makalilalang ng kasanayan sa kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal*. Volume 7, Issue 1. pp.41-45. <http://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/apherj/article/view/1547/461>

Books:

- [15] Garo, Candelaria D. 2008. *Theories and principles of educational technology*. Mandaluyong City: National Bookstore

Chapters in Books:

- [16] *Note that the place of publication, publisher, and year of publication are enclosed in brackets. Editor of book is listed before book title.*